

- Pasalamatan ang Diyos sa pagbibigay sa atin ng Kanyang Salita bilang pinagmumulan ng katotohanan na maaari nating isapamuhay ayon sa Kanyang kagustuhan.
- Hingin sa Diyos ang kakayahan at kalakasan na ipangako ang araw-araw na pag-aaral at pagbabasa ng Bibliya. Ipanalangin na habang gagawin mo ito, lalago ka sa buhay na nagbibigay parangal sa Diyos.
- Ipanalangin na mapapalakas mo ang loob ng iyong mga kapamilya at kaibigan sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. Ipanalangin na sila rin ay umasa sa Salita para sa katotohanan, pagtutuwid ng kamalian, at paghahanda.

NOTES

WORDVIEW

Inspirasyon

WARM-UP

- Sino ang paborito mong manunulat? Ano ang mga isinulat niya? Bakit mo gusto ang paraan niya ng pagsulat?
- Ibahagi ang isang kasabihan na nagpapalakas ng loob mo at sinusubukan mong isapamuhay.
- Magbahagi tungkol sa isang tao na patuloy na nagbibigay sa iyo ng lakas ng loob at karunungan. Ano ang ginawa niya upang mapalakas ang loob mo?

WORD

*¹⁶Lahat ng Kasulatan ay isinulat sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, at mapapakinabangan sa pagtuturo ng katotohanan, pagsasaway, pagtutuwid, at sa pagsasanay sa matuwid na pamumuhay, ¹⁷para maging handa sa lahat ng mabubuting gawa ang naglilingkod sa Diyos. **2 TIMOTEO 3:16,17***

Ang Kasulatan ay ang Salita ng Diyos. Hindi ito basta lamang inipon na mga magagandang salita at kaisipan ng tao. Ang Diyos, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ay nagbigay inspirasyon sa iba't ibang tao upang isulat ang Kanyang mga salita para sa Kanyang mamamayan. Hindi lamang Niya ibinigay ang Kanyang Salita para palakasin ang ating kalooban. Isinulat Niya ang mga ito upang, sa pamamagitan ng Kanyang Salita, magkaroon tayo ng mas malalim na relasyon sa Kanya, habang nagtitiwala at sumusunod sa Kanyang kagustuhan. Ang kabuuan ng Kasulatan ay magagamit upang magturo, magtuwid, at maghanda ng mga tagasunod ni Cristo.

1 Pagtuturo

Panginoon, ituro n'yo sa akin ang inyong pamamaraan, at susundin ko ito nang may katapatan. Bigyan n'yo ako ng pusong may takot sa inyo. **MGA SALMO 86:11**

Sa ating pagbabasa ng Salita ng Diyos, makikita natin ang daan upang mamuhay ng naaayon sa Kanyang katotohanan. Dito, makikita natin ang laman ng puso ng Diyos—kung ano ang nakakagalak at kung ano ang nakakasakit sa Kanyang puso. Sa pamamagitan ng pagbabasa at pag-aaral ng Kanyang Salita, natututunan din nating kumilos nang may pananampalataya at mamuhay sa Kanyang katotohanan. Ang Kanyang Salita ang nagtuturo ng katotohanan at nagpapakita ng Kanyang kagustuhan sa atin. Ano ang pinakamahalagang aral na natutunan mo sa pagbabasa ng Salita?

2 Pagtutuwid

Kung ang inyong kautusan ay hindi nagbibigay sa akin ng kaaliwan, namatay na sana ako dahil sa pagdadalamhati.

MGA SALMO 119:92

Kung tayo ay nagagalak sa Salita ng Diyos, magagawa nating mamuhay nang matuwid sa Kanyang paningin sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang tuntunin at kautusan. Ang Kanyang tuntunin ay nagpapakita ng ating mga pagkakamali, at buong pagmamahal na naghahandog ng ebanghelyo sa atin. Dahil dito, sa halip na tayo'y mapahamak, nabubuhay na tayo para sa Kanya. Ang Kanyang kabutihan ay nagbibigay sa atin ng kakayahan na mamuhay nang matuwid at maka-diyos habang nagagalak, nagbabasa, at sumusunod sa Kanyang Salita. Paano ipinapakita sa iyo ng Salita ng Diyos ang iyong kamalian at paano ka itinutuwid nito? Paano ka tumutugon dito?

3 Paghahanda

. . . para maging handa sa lahat ng mabubuting gawa ang naglilingkod sa Diyos. **2 TIMOTEO 3:17**

Ibinigay sa atin ng Diyos ang Kanyang Salita upang tayo ay maging handa sa lahat ng mabubuting gawa. Hindi lamang basta-basta gawa, ngunit mabubuting gawa na, kapag nakita ng iba, magbibigay papuri sa Diyos (Mateo 5:16). Sa pamamagitan ng pagbabasa, pagninilay-nilay, at pagsunod sa Salita ng Diyos, tayo ay nagiging handa na mamuhay ayon sa Kanyang Salita sa gitna ng mundong nakamasid sa atin. Ano ang sinasabi ng Mateo 5:16 tungkol sa mabubuting gawa kung saan tayo inihahanda ng Diyos?

APPLICATION

- Ang Salita ba ng Diyos ang pinagmumulan at pamantayan ng katotohanan na isinasapamuhay mo? Paano mo magagawang lumalim ang iyong pag-unawa sa Salita ng Diyos ngayong linggo?
- Patuloy mo bang binabasa ang Salita ng Diyos at nang gayon ay handang gumawa ng mabubuting bagay? Humanap ng isang tao na maaari mong bahagian ng mga natutunan mo mula sa Bibliya ngayong linggo.
- Mayroon ka bang kapamilya o kaibigan na hindi pa naka-uunawa na ang Bibliya ang ganap na Salita ng Diyos? Paano mo ito maibabahagi sa kanya ngayong linggo?